Fact sheet 2 – Hindi boluntaryong pag-assess

Ang *Batas sa Kalusugang Pangkaisipan 2000 [Mental Health Act 2000]* ay nagtakda ng mga proseso para sa isang tao na na-assess at pinahintulutan ang pagkapiit ng tao para sa pag-assess . Ang paggamot para sa kapansanan sa pagiisip ay hindi maaaring maibigay maliban kung ang isang order sa hindi boluntaryong paggamot ay naisagawa. Ang impormasyon tungkol sa hindi boluntaryong paggamot ay ibinigay sa Fact sheet 3.

Ano ang hangarin ng hindi boluntaryong pag-assess?

Ang hangarin ng hindi boluntaryong pag-assess ay upang matukoy kung ang isang tao ay nangangailangan ng pagpapagamot sa kapansanan sa pag-iisip. Ang assessment ay isinagawa ng isang pinahintulutang duktor.

Paano sinisimulan ang proseso ng hindi boluntaryong pag-assess?

Dalawang dokumentong para sa assessment, ang *kahilingan para sa assessment [request for assessment]* at ang *rekumendasyon para sa assessment [recommendation for assessment]*, ang dapat na maisagawa bago masuri ang isang tao nang wala ang kanilang pahintulot.

Ang isang *kahilingan para sa assessment* ay maaaring isagawa ng kahit sinong nasa wastong edad na, nakita ang tao sa loob ng huling tatlong araw, naniniwala na ang taong iyon ay may kapansanan sa pag-iisip nang likas, o sa kasukdulan, nangangailangan ng hindi boluntaryong pag-assess.

Ang *rekumendasyon para sa assessment* ay maaaring maisagawa ng sino mang duktor o ng isang pinahintulutang mental health practitioner na sumuri sa tao sa loob ng huling tatlong araw. Ang duktor o health practitioner ay dapat na nakumbinsi na ang lahat ng mga pamantayan sa pag-assess (naitakda sa seksyon 13 ng Batas) ay angkop sa tao. Ang rekumendasyon ay mabisa sa loob ng pitong araw.

Anong mga proteksyon ang mayroon sa prosesong ito?

Ang kahilingan at ang rekumendasyon para sa assessment ay dapat maisagawa ng iba`t ibang tao. Sa karagdagan, ang taong nagsasagawa ng kahilingan ay hindi maaaring isang kamag-anak o empleyado ng taong nagsasagawa ng rekumendasyon. Ang Batas ay naglalapat din ng mga multa para sa pagbibigay ng mali o mapanlinlang na impormasyon.

Paano kung ang mga dokumento sa pag-assess ay hindi maisasagawa?

May dalawang mga pagpipilian para mabigyang-daan ang isang tao upang masuri para matukoy kung ang dokumento sa pag-aassess ay dapat maisagawa.

Ang *order ng mga hukom sa pagsusuri [justices examination order]* ay maaaring isagawa ng isang hustisya ng kapayapaan (kuwalipikado) o mahistrado. Ang ay may bisa hanggang sa pitong araw. Ang ay nagbibigay pahintulot sa isang duktor o pinahintulutang mental health practitioner na pumunta sa kinaroroonan ng tao at magsagawa ng pag-susuri upang makapagpasya kung ang

isang ay dapat na isagawa. Maaari lamang dalahin ang isang tao sa isang pinahintulutang kapag naisagawa na ang mga dokumento sa pag-aassess.

Ang isang *order sa emergency na pagsusuri [emergency examination order]* ay maaaring maisagawa ng isang opisyal ng pulisya, opisyal ng ambulansya o isang psychiatrist. Mahigpit na pamantayan ang ilinalapat sa pagsasagawa ng isang order. Ang isang ay nagbibigay ng pahintulot sa isang tao na madala sa isang pinahihintulutang at mapiit hanggang sa anim na oras. Ang tao ay dapat masuri ng isang duktor o pinahintulutang mental health practitioner upang matukoy kung ang isang *rekumendasyon para sa pag-assess* ay dapat maisagawa. Kung ang isang *rekumendasyon para sa pag-assess* ay hindi naisagawa, nararapat lamang na magkaroon ng kasunduan para maibalik ang tao kung saan siya sinundo o sa ibang lugar na makatuwirang hinihiling ng tao na maihatid.

Ano ang mangyayari kapag ang kahilingan at ang rekumendasyon ay naisagawa?

Ang tao ay maaaring dalhin sa isang pinahihintulutang mental health service ng isang health practitioner o isang opisyal ng ambulansya para sa assessment. Ang pulisya ay hindi automatikong kasama sa prosesong ito, ngunit kailangang magbigay ng tulong kung hiniling.

Saan maaaring mangyari ang hindi boluntaryong pag-assess?

Ang hindi boluntaryong pag-assess ay maaaring mangyari sa isang hospital o pasilidad ng komunidad ng isang pinahihintulutang mental health service. Kung saan walang pinahihintulutang mental health service ang madaling mapuntahan (hal. sa rural o malayuang lugar), ang tao ay maaaring ma-assess o masuri sa isang pampublikong hospital.

Anong mangyayari kapag ang tao ay dinala sa service?

Sa oras na ang isang tao ay nasa service at ang mga dokumento sa pag-aassess ay naibigay, ang tao ay nagiging isang hindi boluntaryong pasyente. Ito ay nangangahulugan na maaari silang mapiit para sa pag-aassess. Dapat maipaalam sa tao ang anumang mga pagbabago sa kanilang hindi boluntaryong katayuan at mapaliwanagan sila ng kanilang mga karapatan. Bilang karagdagan, ang tao ay maaaring magtalaga ng isang kaalyadong tao upang makatulong na katawanin ang kanilang mga pananaw (tingnan ang Fact sheet 7 – Mga Karapatan ng Pasyente).

Gaano katagal ang panahon ng hindi boluntaryong pag-assess?

Ang isang tao ay maaaring mapiit para sa hindi boluntaryong pag-assess nang hanggang sa 24 oras. Kung kinakailangan (ibig sabihin upang pahintulitan ang isang buo at wastong pag-assess), maaari itong palawigin ng isang pinahintulutang duktor hanggang sa pinakamahaba na ang 72 oras.

Anong mangyayari kung isang hindi boluntaryong paggamot ay hindi naisagawa sa pagtatapos ng panahon sa pag-aassess?

Ang tao ay hindi na isang hindi boluntaryong pasyente at maaari lamang ma-assess o magamot nang may pahintulot nila.

Mga kahulugan

Health practitioner – isang duktor, rehistradong nars, social worker, occupational therapist, psychologist, o iba pang itinalagang tao bilang isang health practitioner.

Pinahihintulutang mental health practitioner- isang bihasang mental health practitioner ma itinalaga ng isang Direktor ng Menthal Health.

Pinahihintulutang duktor – isang duktor na bihasa na sa mental health na itinalaga ng isang tagapangasiwa ng authorized mental service.

Authorized mental health service – isang pasilidad pangkalusugan na idineklara ng Direktor ng Mental Health upang magbigay ng hindi boluntaryong pag-aassess at mga serbisyo sa panggagamot.

Karagdagang Impormasyon

Mental Health Act Liaison Officer
Mental Health Branch
Queensland Health
GPO Box 48
BRISBANE Q 4001

Telepono: 1800 989 451 o 07 3234 0417

Email: mha2000@health.qld.gov.au
Web: www.health.qld.gov.au/mha2000